4

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Lingguhang Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter
Linggo
7

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
ONE NCR STRONGER TOGETHER

**Gawaing Pampagkatuto sa Araling Panlipunan 4**
**Kuwarter 1: Linggo 7**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Kagawaran ng Edukasyon – NCR sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Patnugot: Sara Z. Duterte
Ikalawang Patnugot: Gina O. Gonong

**Development Team**

**Writer:** Mimi A. Rambayon, Lilibeth C. Laforteza, B. Bhivian A. Adaza
**Content Reviewer:** Editha T. Giron, John Rey D. Ortal, Jose Gerardo R. Garcia, Amalia C. Solis, Andrew E. Tan, Editha T. Giron, Jacinto C. Cabero Jr.
**External Content Validator:** Mark Joseph Santos, Kevin Paul Martija
**External Language Validator:** ???
**Illustrator:** Leimar Padre
**Layout Artist:** Rey Miguel, Elaine Margarett U. Baguio, Albert James Macaraeg

**Management Team**

**JOCELYN DR ANDAYA**, *CESO IV*, Director IV
**CRISTITO A. ECO**, *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC-Chief Education Program Supervisor, CLMD
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional EPS/Learning Resource Management Section Head
**ANDREW E. TAN**, Regional Araling Panlipunan Education Program Supervisor
**LUCKY S. CARPIO**, SDO Manila LRMS Education Program Supervisor

Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| MATATAG Kto10 Kurikulum<br>Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | 4 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | Araling Panlipunan |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | | Kuwarter: | Una |


| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Naipamamalas ang pang-unawa sa pagkakakilanlan ng bansa ayon sa mga katangiang heograpikal. | | | |
| *B. Pamantayan sa Pagganap* | Nakagagawa ng presentasyon tungkol sa katangiang heograpikal ng bansa. | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Nailalarawan ang pagkakakilanlang heograpikal ng Pilipinas.<br>a. Heograpiyang Pisikal<br>b. Heograpiyang Pantao | | | |
| *D. Mga Layunin* | Naibibigay ang kahulugan ng populasyon.<br><br>Nailalarawan ang populasyon ng Pilipinas. | Natutukoy ang mga salik sa pagsusuri ng populasyon ng Pilipinas | Nakikilala ang mga pangkat etnolingguwistiko sa Pilipinas.<br><br>Napahahalagahan ang mga pangkat etnolingguwistiko sa Pilipinas. | Nakikilala ang mga Indigenous People sa Pilipinas.<br><br>Napahahalagahan ang mga Indigenous People sa Pilipinas. |
| *E. Disenyong Instruksyunal* | Ideational, Integrative, Context, Connection, Experience | Ideational, Integrative, Context, Collaboration, Experience, Engage | Ideational, Integrative, Inclusive, Innovative, Context, Collaboration, Connection, Experience, Empathize | Ideational, Integrative, Inclusive, Context, Collaboration, Context, Experience, Empathize |
| *F. 21st Century Skills* | Communication Skills<br>Information Media & Tech. Skills<br>Learning and Innovation Skills | Communication Skills<br>Information Media & Tech. Skills<br>Learning and Innovation Skills | Communication Skills<br>Information Media & Tech. Skills<br>Learning and Innovation Skills | Communication Skills<br>Information Media & Tech. Skills<br>Learning and Innovation Skills<br>Life and Career Skills |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | Life and Career Skills | Life and Career Skills | |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | Populasyon ng Pilipinas | Ang mga Salik sa Pagsusuri ng Populasyon | Mga Mayoryang Pangkat<br>Etnolingguwistiko sa Pilipinas | Mga Minoryang Pangkat o Indigenous People sa<br>Pilipinas |
| | | | | |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | Pilipinas Bayan Mo, Bayan Ko, Teresita T. Battad et.al. | Pilipinas Bayan Mo, Bayan Ko, Teresita T.<br>Battad et.al. | Pilipinas Bayan Mo, Bayan Ko, Teresita T.<br>Battad et.al., pp.98-102 | Pilipinas Bayan Mo, Bayan Ko, Teresita T.<br>Battad et.al., pp.102-104 |
| *B. Iba pang Kagamitan* | PSA Report on Population | | | |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Panimulang Gawain* | Balik aral:<br>Paano maipapakita ang pagmamalasakit o pagpapahalaga sa mga anyong lupa at tubig? | Ano ang populasyon?<br>Bakit mahalaga ang populasyon sa isang bansa? | Balitaan tungkol sa mga pangyayari sa komunidad.<br>(Sariling pili ng mga mag-aaral) | **Pick and tell**. Tumawag ng bata na kukuha ng strip na may tanong at sagutin ito.<br>1. Magbigay ng pangkat-etnolingguwistiko sa Visayas?<br>2. Saan naninirahan ang mga Tagalog? |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin*<br>*ng Aralin* | **Gawain:** Picto-suri<br>Suriin ang ipapakita ng guro na mga larawan ng populasyon.<br>Pagkatapos ay punan ng tamang letra ang bawat patlang upang mabuo ang konsepto.<br><br>**P_PU_A_Y_N** | Sa iyong palagay bakit nagkakaiba- iba ang bilang ng populasyon sa bawat lugar? | Isulat ang mga salitang<br>**PANGKAT ETNOLINGGUWISTIKO**<br>Ipabasa ito sa mga bata.<br><br>Itanong: Narinig na ba ninyo o nabasa ang salitang ito? | Buoin ang mga salita sa pamamagitan ng paglalagay ng mga nawawalang letra.<br>**T_N G G _ A _**<br>**I__O__OT**<br>**_B _L _I**<br>**M _ N _ B _**<br>**M A _ _Y _ N** |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin* | Panuto: Punan ang *concept map* ng mga salita na may kaugnayan sa bumubuo sa populasyon.<br><br> | Ang guro ay magbibigay ng gawain na magpapakilala sa mga salik ng pagsusuri ng populasyon.<br>(Maaaring gumamit ng mga larawan) | Pangkatin ang mga bata sa tatlo.<br><br>Isulat ang salitang Etnolingguwistiko sa manila paper at magbigay ng mga salitang may kaugnayan dito.<br><br>Ipaulat ito sa klase sa pamamagitan ng kanilang lider. | **Pamprosesong Tanong:**<br>1.Ano ang mga salitang inyong nabuo? Kilala ninyo ba ang mga pangkat na ito?<br><br>2.Saang mga lalawigan kaya naninirahan ang mga nabanggit na pangkat? |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |
| *Pagbasa sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | Ipabasa ang mga salita na isinulat ng mga bata sa *concept map* | Ipabasa ang sumusunod na mga salita.<br>-Distribusyon ng populasyon<br>-Densidad ng populasyon<br>-Komposisyon ng populasyon<br><br>Sa inyong palagay ano ang tinutukoy ng mga salitang binasa? | Ipasuri ang mga sagot ng mga bata na magdadala sa pag-unawa sa salitang Etnolingguwistiko | Ipabasa sa mga bata ang mga salitang nabuo. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | **Gawain:**<br>Suriin and *concept map* tungkol sa populasyon at sagutin ang mga pamprosesong tanong.<br><br>**POPULASYON**<br>⇨ Ang populasyon ng isang lungsod o lalawigan ay ang bilang ng mga taong nakatira dito.<br>⇨ Sa sosyolohiya, ito ay mga lipon ng tao.<br>⇨ Binubuo ito ng iba't ibaang sektor kagaya ng bata, kabataan, binata, dalaga at matatanda na may ibat-ibang kasarian.<br>⇨ Ayon sa pag-aaral ang populasyon ng Pilipinas ay malaki at patuloy pang lumalaki.<br><br>**Pamprosesong Tanong:**<br>1.Ano ang populasyon? | Ang mga salik sa pagsusuri ng populasyon ay:<br>1.**Distribusyon ng Populasyon**-ito ay ang pagkakahati- hati ng populasyong naninirahan sa isang pook.<br>2.**Densidad ng Populasyon**- tumutukoy sa dami o kapal ng tao sa bawat kilometro kuwadrado.<br>Nalalaman ang densidad ng populasyon sa paghahati ng kabuuang populasyon ng bansa sa kabuuang lawak nito.<br>**Pormula sa Pagkuha ng Densidad ng Populasyon**<br>Densidad ng Populasyon= Kabuoang populasyon/kabuoang sukat ng lugar<br>Nakaaapekto rin ang densidad sa mga pook rural at urban.<br>Urban ay mga lugar sa lungsod na maraming tao at<br>Rural ay mga lugar na nasa lalawigan o labas | Magpakita ng mga larawan ng pagkakakilanlan sa mga pangkat etnolingguwistiko<br><br>**Pamprosesong Tanong:**<br>1. Matutukoy ninyo ba kung anong pangkat etnolingguwistiko ang mga nasa larawan?<br>2. Ano ang inyong naging batayan sa pagtukoy dito? Bakit? | Pagpapakita ng larawan ng Indigenous Peoples.<br><br>Source: Agustin, C. (n.d.). *Kadayawan Festival 2016 Photos (21)*. Flickr. https://flickr.com/photos/11249521@N00/29158174302<br><br>Source: Castaneda, R. J. (2015, August 23). *The Lumad of Mindanao.jpg – Wikimedia Commons*. Wikimedia. https://commons.wikimedia.org/wiki/File:The_Lumad_of_Mindanao.jpg |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 2.Sino sino ang bumubuo sa populasyon ng Pilipinas? | ng mga lungsod at bayan.<br><br>3.**Komposisyon ng populasyon -** ay ayon sa gulang at kasarian ng mga tao.<br><br>Pamprosesong tanong<br>1. Ano ang mga importanteng salik sa pagsusuri ng populasyon ng Pilipinas?<br>2.May kaugnayan kaya ang mga salik na ito sa bilang ng mga tao sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas? Bakit? | | <br>Source: Ybiosa, J. B. (2012, November 25). *THE SUBANEN TRIBE.jpg –Wikimedia Commons*. Wikimedia. https://commons.wikimedia.org/wiki/File: THE_SUBANEN_TRIBE.jpg<br><br>PamprosesongTanong<br>1.Nakikilala niyo ba ang pangkat ng mga taong nasa larawan?<br>2. Sino ang tinatawag na indigenous peoples?<br><br>Ang indigenous peoples ay unang nanirahan sa isang lugar o teritoryo bago pa man dumating ang mga mananakop.Pinapanatili nila ang mga natatanging katutubong kultura at tradisyon ng kanilang mga ninuno. |
| *Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | **Gawain: Pagsusuri ng mga Talahanayan** | Panuto: Suriin ang talahanayan. Sagutin ang mga pamprosesong tanong tungkol dito.<br>Populasyon batay sa Edad at Kasarian | Batay sa mga larawan, sino-sino ang mga pangkat etnolingguwistiko sa Pilipinas? | Pagpupuno ng<br>Data Retrieval Chart ng mga Indigenous Peoples at Pagtukoy sa Mapa ng Pilipinas kung saan sila matatagpuan. |

**Talahanayan 1**




https://twitter.com/PSAgovph/status/13764786309187788 80/ photo/1

**Pamprosesong tanong:**

1.Batay sa talahanayan, anoang tinatayang Mid Year Population ng bansa sa taong 2024?

. Ano ang ipinapahiwatig ng bilang ng populasyon sa bawat taon?




Table 2. Number and Percent to All Ages of Household Population and Sex Ratio by Selected Age Group: Philippines, 2020 and 2015

| Age Group and Year | Number: Both Sexes | Number: Male | Number: Female | Percent to All Ages (%): Both Sexes | Percent to All Ages (%): Male | Percent to All Ages (%): Female | Sex Ratio |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 2020 | | | | | | | |
| All ages | 108,667,043 | 55,017,643 | 53,649,400 | | | | |
| 0 - 4 years | 11,066,707 | 5,712,817 | 5,353,890 | 10.2 | 10.4 | 10.0 | 107 |
| 0 - 14 years | 33,414,245 | 17,269,436 | 16,144,809 | 30.7 | 31.4 | 30.1 | 107 |
| 5 - 24 years | 42,776,570 | 21,975,032 | 20,801,538 | 39.4 | 39.9 | 38.8 | 106 |
| 15 - 30 years | 31,401,973 | 16,013,645 | 15,388,328 | 28.9 | 29.1 | 28.7 | 104 |
| 15 - 49 years | 56,964,296 | 29,110,071 | 27,854,225 | 52.4 | 52.9 | 51.9 | 105 |
| 15 - 64 years | 69,397,349 | 35,273,073 | 34,124,276 | 63.9 | 64.1 | 63.6 | 103 |
| 18 years and over | 68,945,888 | 34,515,980 | 34,429,908 | 63.4 | 62.7 | 64.2 | 100 |
| 60 years and over | 9,222,672 | 4,102,594 | 5,120,078 | 8.5 | 7.5 | 9.5 | 80 |
| 65 years and over | 5,855,449 | 2,475,134 | 3,380,315 | 5.4 | 4.5 | 6.3 | 73 |
| 2015 | | | | | | | |
| All ages | 100,573,715 | 50,774,021 | 49,799,694 | | | | |
| 0 - 4 years | 10,815,998 | 5,588,896 | 5,227,102 | 10.8 | 11.0 | 10.5 | 107 |
| 0 - 14 years | 32,135,285 | 16,581,131 | 15,554,154 | 32.0 | 32.7 | 31.2 | 107 |
| 5 - 24 years | 40,835,754 | 20,903,363 | 19,932,391 | 40.6 | 41.2 | 40.0 | 105 |
| 15 - 30 years | 29,390,687 | 14,920,799 | 14,469,888 | 29.2 | 29.4 | 29.1 | 103 |
| 15 - 49 years | 52,891,561 | 26,872,533 | 26,019,028 | 52.6 | 52.9 | 52.2 | 103 |
| 15 - 64 years | 63,659,732 | 32,188,641 | 31,471,091 | 63.3 | 63.4 | 63.2 | 102 |
| 18 years and over | 62,263,325 | 31,022,193 | 31,241,132 | 61.9 | 61.1 | 62.7 | 99 |
| 60 years and over | 7,534,306 | 3,326,177 | 4,208,129 | 7.5 | 6.6 | 8.5 | 79 |
| 65 years and over | 4,776,698 | 2,004,249 | 2,774,449 | 4.8 | 3.9 | 5.6 | 72 |

Sources: Philippine Statistics Authority, 2020 Census of Population and Housing and 2015 Census of Population

Source:
Highlights of the Phil Population 2020 Census of Population and Housing)
PSA Ref No. 2021-252

**Pamprosesong Tanong:**

1. Anong taon ang may pinakamalaking populasyon ng mga kalalakihan? kababaihan?
2. Anong taon naman ang may pinakamaliit na populasyon ng mga kalalakihan? kababaihan?
3. Anong edad ang may pinakamalaking populasyon? pinakamaliit na populasyon?
4.Ano ang mahihinuha sa talahanayan tungkol

Ang mga **pangkat etnolingguwistiko** sa Pilipinas ay maaaring ipakahulugan na isang pag-uuri o pagkakakilanlan ng mga Pilipino batay sa kanilang kalinangan, wikang sinasalita at kasaysayan. Mula sa Hilaga hanggang sa Timog, ang mga pinakamarami sa mga pangkat na ito ay ang mga Tagalog, Ilocano, Pangasinense, Kapampangan, Bikolano, at Bisaya.

Gamitin ang Data Retrieval Chart sa Pagtalakay.
Tukuyin din sa Mapa ng Pilipinas kung saan sila matatagpuan.

| Pangkat Etnolinnguwistiko | Lugar kung saan nmatatagpuan | Kilalang Katangian/Pagkakakilanlan |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

Ang mga **Ilocano** ay naninirahan sa Hilagang

| *Indigenous People* | *Lugar kung saan matatagpuan* | *Kilalang Katangian o Pagkakakilanlan* |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

Ang ilan sa mga ito ay:

1.**Tinggian** matatagpuan sa Ilocos Sur. Nabubuhay sila sa pamamagitan ng pangangaso at pagkakaingin, pagsasaka at paggawa ng mga produktong mula sa kawayan tulad ng paglala ng bag at iba pa.

2.**Ifugao**- naninirahan sa Cordillera at kinilalang gumawa ng Hagdan-hagdang Palayan. Sila ay masipag magsaka.

3.**Bontoc**- naninirahan sa Bontoc at masipag sa pagsasaka at ang iba ay naghahabi.

4.**Ibaloi**- makikita sa Timog ng Benguet. Sila ay nagtatanim ng iba't ibang pananim sa dalisdis ng bundok at nagtatrabaho sa minahan.

5.**Negrito**- makikita sa bulubundukin ng



DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

**Talahanayan 2**

Table 3. Total Population by Region: 2020

| Rank | Region | Total Population | Share to National Total (%) |
|---|---|---|---|
| | Philippines | 109,035,343* | 100.0 |
| 1 | IV-A CALABARZON | 16,195,042 | 14.9 |
| 2 | National Capital Region (NCR) | 13,484,462 | 12.4 |
| 3 | III Central Luzon | 12,422,172 | 11.4 |
| 4 | VII Central Visayas | 8,081,988 | 7.4 |
| 5 | VI Western Visayas | 7,954,723 | 7.3 |
| 6 | V Bicol | 6,082,165 | 5.6 |
| 7 | I Ilocos | 5,301,139 | 4.9 |
| 8 | XI Davao | 5,243,536 | 4.8 |
| 9 | X Northern Mindanao | 5,022,768 | 4.6 |
| 10 | XII SOCCSKSARGEN | 4,901,486 | 4.5 |
| 11 | VIII Eastern Visayas | 4,547,150 | 4.2 |
| 12 | Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM) | 4,404,288 | 4.0 |
| 13 | IX Zamboanga Peninsula | 3,875,576 | 3.6 |
| 14 | II Cagayan Valley | 3,685,744 | 3.4 |
| 15 | MIMAROPA Region | 3,228,558 | 3.0 |
| 16 | XIII Caraga | 2,804,788 | 2.6 |
| 17 | Cordillera Administrative Region (CAR) | 1,797,660 | 1.6 |

* Population counts and shares of the regions do not add up to the national total (includes 2,098 Filipinos in Philippine embassies, consulates, and missions abroad)

*Source:* Philippine Statistics Authority, *2020 Census of Population and Housing*

**https://psa.gov.ph/content/highlights-philippine-population-2020-census-population-and-housing-2020-cph?fbclid=IwAR1yMO1FIVNxdGh4Dc5P5AWb**

**Pamprosesong tanong:**

1. Saang rehiyon pinakamataas ang bilang polulasyon? Pinakamababa ang bilang ng populasyon?
2. Bakit kaya mataas ang bilang ng populasyon sa Rehiyon IV-A (CALABARZON) ?

sa edad at kasarian ng populasyon ng bansa?

Luzon.

Ang mga **Pangasinense** ay naninirahan sa dakong Timog ng Hilagang Luzon sa lalawigan ng Pangasinan.

Ang mga **Kapampangan** ay naninirahan sa lalawigan ng Pampanga, ilang bahagi ng Tarlac at Nueva Ecija.

Ang mga **Tagalog** ay naninirahan sa lalawigan ng Bulacan, Bataan, Cavite, Rizal, Laguna, Batangas, Quezon, Marinduque at maging sa Kamaynilaan at Mindanao.

Ang mga **Bicolano** ay naninirahan sa tangway ng Bicol.

Ang **Visayas** ay may mga pangkat-etnolingguwistiko rin. Ilan sa mga ito ay: Sa dakong kanluran naninirahan ang mga **Ilonggo**, sa dakong gitna ay ang mga **Cebuano**, at sa dakong Silangan ay mga **Waray.**

Sa Mindanao, ang

Zambales, Bataan at Tarlac sa Luzon; sa kabundukan ng Visaya at Mindanao. Tinatawag silang Ita o Agta sa Luzon, Atis sa Visayas at Mamanua sa Mindanao. Nabubuhay sila sa pamamagitan ng pangangaso at pagsasaka.

6.**Mangyan-** makikita sa kabundukan ng Mindoro. Nabubuhay sila sa pamamagitan ng pagsasaka, pangangaso, pangingisda at pangangalap ng mga pagkain sa kagubatan.

**7.Hanunuo-** kabilang sa pangkat ng mga Mangyan na naninirahan sa kabundukan ng Mansalay, Bulalacao at San Jose Mindoro.

Nabubuhay sila sa pagkakaingin.

**8.Tagbanua**- makikita sa liblib na bahagi ng Palawan. Nagsasaka sila ng palay, mais, gulay at mga halamang ugat.

**9.T'boli** kilala rin sa pangalang Tagabili na naninirahan sa Timog Cotabato. Pagsasaka sa kagubatan ang kanilang ikinabubuhay. Kilala sa kanilang makukulay na mga



DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | **Bangsamoro** ay binubuo rin ng iba't ibang pangkat-etnolingguwistiko. Ilan dito ay ang Maguindanao, Maranao, Tausug, Samal, at Yakan.<br><br>*(Iminumungkahing magdagdag pa ang guro ng iba pang halimbawa ng pangkat etnolingguwistiko).*<br><br>**Pamprosesong Tanong:**<br>1.Ano ang natatanging pagkakakilanlan ng bawat pangkat etnolingguwistiko?<br>2.Ano ang katangian ng pangkat etnolingguwistiko na iyong kinabibilangan ang iyong maipagmamalaki? Bakit?<br>3. Alin sa mga pangkat etnolingguwistiko ang iyong hinahangaan? Bakit? | kasuotan at palamuti sa katawan.<br>10. **Manobo-** naninirahan sa tabi ng Ilog ng Agusan. Mahilig silang magsuot ng mga damit na matitingkad ang kulay at paglalagay ng tattoo sa katawan.<br>11.**Badjao-** naninirahan sa mga bangkang naglalayag sa dagat ng Sulu. Sila ay nabubuhay sa pamamagitan ng pangingisda.<br><br>Ang Lumad ay tawag sa indigenous people na naninirahan sa Mindanao. Sila ay binubuo ng iba't ibang pangkat na hindi Muslim o Kristiyano. Mayayaman at natatangi ang kanilang kultura. Ang mga Manobo, Mamanwa, T'boli at Bagobo ay ilan lamang sa kanila. (Source: Jocano, F.L. (1998). *Filipino indigenous ethnic communities: patterns, variations, and typologies.)*<br><br>*(Maaari pang dagdagan ng guro ang mga halimbawa ng indigenous people)*<br><br>Pamprosesong Tanong |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | 1. Alin sa mga indigenous peoples ang naninirahan sa Luzon? Sa Visayas? sa Mindanao?<br>2. Anong mga katangian nila ang kahanga- hanga at maipagmamalaki? Bakit? |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Paglalapat at Paglalahat* | 1. Paano mo ilalarawan ang populasyon ng Pilipinas?<br>2. Bakit mahalaga ang populasyon sa isang bansa? | Ano ano ang mga salik na dapat isaalang -alang sa pagsusuri ng populasyon ng isang bansa?<br>Paano nakaaapekto ang rural at urban na komunidad sa densidad ng populasyon sa Pilipinas? | Gamit ang mapa ng Pilipinas, tukuyin kung saan matatagpuan ang mga pangkat etnolingguwistiko.<br>Paano mo mapahahalagahan ang pangkat etnolingguwistiko na iyong kinabibilangan? | Paano natin maipakikita ang pagpapahalaga sa mga indigenous people sa ating bansa?<br><br>(Maaaring gumawa ng islogan/ poster/awit/tula na nagpapakita ng pagpapahalaga sa kanila)<br>(Inaasahang maghahanda ng rubric ang guro para sa pagmamarka nito) |
| *Pagtataya ng Natutuhan* | Panuto: Tukuyin kung Tama o Mali ang isinasaad ng mga sumusunod na pangungusap.<br>___1. Ang populasyon ay binubuo ng mga bata at kabataan.<br>___2. Populasyon ang tawag sa bilang ng mga bagay na may buhay sa isang lugar.<br>___3.Ang populasyon ay ang bilang ng mga taong | Pangkatin sa tatlong grupo ang mga bata. Isusulat nila sa kanilang board ang sagot sa mga tanong.<br>Ang may pinakamaraming tamang sagot ang mananalo.<br>1. Tawag sa mga lugar sa lungsod.<br>2.Tawag sa mga lugar sa lalawigan o sa labas ng mga lungsod at bayan. | Panuto: Iguhit ang masayang mukha kung tama ang isinasaad ng pangungusap at malungkot na mukha kung ito ay mali.<br><br>1.Pinakamalaking pangkat etnolingguwistiko ang mga Tagalog<br>2. Ang mga Ilocano ay naninirahan sa Timog Luzon. | Panuto: Piliin sa ibaba ang paglalarawan ng mga sumusunod. Isulat ang titik ng tamang sagot.<br>1. Tagbanua<br>2. T'boli<br>3. Manobo<br>4. Badjao<br>5. Ibaloi<br><br>A.Kabilang sa pangkat ng mga Mangyan na naninirahan sa kabundukan ng Mansalay, Bulalacao at San Jose,Mindoro. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | nainirahan sa isang tiyak na lugar.<br>___4. Patuloy ang paglaki ng populasyon ng Pilipinas.<br>___5. Ang Region IV-A (CALABARZON) ang may pinakamataas na bilang ng populasyon sa mga rehiyon sa Pilipinas | 3.Tawag sa pagkakahati-hati ng populasyon na naninirahan sa isang pook.<br>4.Tumutukoy sa dami o kapal ng tao sa bawat kilometro-kwadrado.<br>5. Ito ay salik sa pagsusuri ng populasyon ayon sa gulang at kasarian ng mga tao. | 3.Ang mga Bicolano ay naninirahan sa tangway ng Bicol.<br>4. Ang Bangsamoro ay binubuo rin ng iba't ibang pangkat etnolingguwistiko.<br>5. Makikita sa dakong silangan ang mga Ilonggo, isa sa pangkat etnolingguwistiko sa Visayas. | B.Nabubuhay sila sa pagkakaingin.Makikita sa liblib na bahagi ng Palawan.Nagsasaka sila ng palay, mais, gulay at mga halamang ugat.<br><br>C.Kilala rin sa pangalang Tagabili na naninirahan sa Timog Cotabato. Pagsasaka sa kagubatan ang kanilang ikinabubuhay<br><br>D. Makikita sa Timog ng Benguet. Sila ay nagtatanim sa dalisdis ng bundok at nagtatrabaho sa minahan.<br><br>E.Naninirahan sa tabi ng Ilog ng Agusan. Mahilig silang magsuot ng mga damit na matitingkad ang kulay at paglalagay ng tattoo sa katawan.<br><br>F.Naninirahan sa mga bangkang naglalayag sa dagat ng Sulu. Sila ay nabubuhay sa pamamagitan ng pangingisda. |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | Punan ang patlang:<br><br>Bilang mahalagang bahagi ng populasyon ng ating bansa ako | Gumawa ng talaan na nagpapakita ng komposisyon ng populasyon ng inyong klase. Pumili ng 2 kamag-aral | Sumulat ng isang tula kung paano mo maipagmamalaki ang | Magbigay ng iba pang halimbawa (3-5) ng indigenous people sa bansa. Gamitin ang Data Retrieval Chart. Ilarawan ang kanilang natatanging |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ay ____________________. | na kasama sa paggawa ng talaan. Bigyan interpretasyon o paliwanag ang ginawang talaan. | pangkat etnolingguwistiko na iyong kinabibilangan? | kultura. |
| *Mga Tala* | | | | |
| *Repleksiyon* | | | | |